Pangalan: ________________________________________ Linggo: _______________

Baitang & Pangkat : _______________________________ Petsa: ________________

# SANAYANG PAPEL #_1__PAKSA: Mga Dahilan, Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

## GABAY

**Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto (MELC):** Nasusuri ang mga dahilan, paraan at epekto ng kolonyalismo at imperyalismo ng mga kanluranin sa unang yugto (ika-16 at ika-17 siglo) pagdating nila sa Timog at Kanlunrang Asya

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. nauunawaan ang mga pagbabago at pag-unlad sa Timog at Kanlurang Asya sa transisyonal at makabagong panahon;
2. nakapagpupuno ng talahanayan gamit ang mga impormasyong magpapatunay sa dahilan at paraan ng pananakop sa Timog at Kanlurang Asya; at
3. napahahalagahan ang naging gampanin ng kolonyalismo at imperyalismo sa kasaysayan ng Timog at Kanlurang Asya.

## ENGGANYO

### Mga Dahilan, Paraan at Epekto ng Kolonyalismo at Imperyalismo sa Timog at Kanlurang Asya

May ugnayan ng nagaganap sa mga Europeo at mga Asyano sa pamamagitan ng palitan ng kalakalan. Ang nagsilbing daanan ng mga mangangalakal ay ang mga sumusunod:

1. **Hilagang Ruta**- mula sa China at tatawid sa lungsod ng Samarkland at Bokhara, Caspian Sea, Black Sea, Constantinople
2. **Gitnang Ruta**- papunta sa baybayin ng Syria at dadaan sa Golpo ng Persia Antioch, Aleppo at Damascus sa Turkey.
3. **Timog Ruta** –mula India, babagtasin ang Karagatang Indian hanggang Egypt


**Mga Pangyayaring Nagbigay Daan sa mga Kanluranin na Magtungo sa Asya**

1. Ang mga Krusada (1096-1273)- ito ay naglalayong mabawi ang Jerusalem, ang banal na lupain ng mga Kristiyano na nasakop ng mga Muslim.
2. Ang paglalakbay ni Marco Polo- dahil sa librong inilathala na pinamagatang “The Travels of Marco Polo”, inilarawan dito ang kagandahan at karangyaan ng China at ibang bansa sa Asya na naging dahilan ng kagustuhan ng mga Europeo na magtungo sa Asya.
3. Paghahanap ng bagong rutang pangkalakalan
4. Panahon ng paggalugad at pagtuklas.
5. Paniniwala sa Merkantilismo- Pinaniniwalaang ang tunay na sukatan ng kayamanan ng isang bansa ay ang kabuuang dami ng pilak at ginto .

## TALAB

**Gawain 1. Hularawan**

**Panuto:** Tukuyin kung anong bansa ang sumasagisag sa mga bandila sa ibaba**.** Isulat sa papel ang iyong sagot

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-anong mga bansa ang kinakatawan ng mga bandila sa itaas?

2. Ano ang bahaging ginampanan nila sa kasaysayan ng mga bansa sa Timog at Kanlurang Asya? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## RUBDOB

**Gawain 2 Data Retrieval**

**Panuto**: Punan ng kaukulang impormasyon ang kahon sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa isang papel.

| **Bansang Nanakop** | **Bansang Sinakop** | **Layunin ng Pananakop** | **Paraan ng Pananakop** |
|---|---|---|---|
| Halimbawa: Portugal | India | Kagustuhang makakuha ng pampalasa at mga hilaw na materyales | Gamit ang marahas na pamamaraan |
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |
| 4. | | | |
| 5. | | | |
| 6. | | | |
| 7. | | | |
| 8. | | | |
| 9. | | | |
| 10 | | | |

**Pamprosesong tanong:**

1. Sa iyong pananaw bakit madaling nasakop ng mga kanluranin ang Timog at Kanlurang Asya?
2. Magkatulad ba ng pamamaraan ng pagsakop ang mga kanluranin sa Timog at Kanlurang Asya? Ipaliwanag ang iyong sagot.

## IRAL

**Gawain 3**

**Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang nilalaman ng teksto at isulat ang titik ng tamang sagot sa isang papel.

1. Bago pa man ang pagdating at pagpasok ng mga kanluranin sa Asya, masasabing may ugnayan ng nabuo sa pagitan ng mga Europeo at mga Asyano sa pamamaraang barter o pagpapalitan ng produkto. Maraming Europeo ang naghanap ng daan o ruta upang marating ang lupain ng Asya. Sa pagdating ng mga kanluranin, binago nila ang maraming bagay kagaya ng sistemang pulitikal, paniniwala at kahit kagawian o kultural na aspeto. Ano ang naging dahilan kung bakit ninais nilang baguhin ang nakagawian o kultura na kinasanayan ng mga katutubong Asyano?

A. Gusto nilang isunod sa kanila dahil sa tingin ng mga kanluranin ay maganda ang kanilang kultura kaya dapat ikalat.
B. Upang magapi at lubusang maangkin ang kolonyang bansa kung saan nakita nila ang kultura ang sagot sa lahat ng kanilang ambisyon.
C. Nagulat sila sa kagawian ng mga katutubo at ninais nilang gawing sibilisado ang mga katutubo kaya responsibilidad nilang baguhin ang mga ito.
D. Makagawa ng isang bansa o lupain na may kaparehong relihiyon at gawi ang pinangarap ng mga lider ng mga kanluranin.

2. Noong unang panahon, nilayon ng mga manggagalugad na makipagsapalaran at pumalaot sila sa karagatan upang masagot ang kanilang kuryosidad. Hindi naglaon, ang layuning ito ay binago ng mga ideyang lumabas noong panahon ng Renaissance. Ano ang naging epekto nito?

A. Sila ay naging misyonero ng mga ideyang lumabas noong Renaissance
B. Sila ay sadyang pumalaot upang tumuklas ng mga lupain ng kayamanan at magtamo ng katanyagan
C. Sila ay pumalaot upang tumuklas ng mga lupaing mapaninirahan
D. Sila ay pumalaot upang magpayaman

3. Noong panahon ng Krusada, natikman at nakabili ang mga Europeo mula sa mga mangangalakal na Asyano ng mga pampalasa at makikinang na kagamitang tulad ng porselana at ginto. Dahil dito, __________________.

A. Hinangad nilang makarating sa Asya upang makabili ng higit na maraming pampalasa sa kanilang mga pagkain
B. Hinangad nilang makabili ng kakaibang pang-adorno sa kanilang mga tahanan
C. Hinangad nilang magkaroon ng panibagong pagkakakitaan mula sa mga pampalasang mabili sa mga Europeo
D. Hinangad nilang makarating sa Asya upang matutunan ang pagtatanim ng pampalasa

4. Sa pagkakakulong ni Marco Polo, naikuwento niya sa isang kapwa bilanggo ang kanyang mga karanasan at natagpuang karangyaan sa Tsina. Lahat ng kanyang inihayag ay isiniwalat ni Rusticiano sa kanyang aklat na pinamagatang "The Travels Of Marco Polo". Nang mabasa ito ng mga tao, _______________.

A. Higit na umigting ang kuryosidad ng mga Europeo na marating ang Asya
B. Higit na pinagplanuhan ng mga Europeo ang pagsakop sa Tsina
C. Higit na pinagbuti ng mga Europeo ang paggawa ng mga sasakyang pandagat
D. Higit na pinag-aralan ng mga Europeo ang mapa ng Tsina

5. Sa kanyang paggagalugad, nakarating sa Calicut, India si Vasco da Gama. Sa kanyang pagbabalik ay may dala siyang mga materyales at mga pampalasang nagmula sa India. Sa paglalakabay na ito, _______________________.

A. Direkta nang nakabibili ang mga Europeo ng pampalasa sa mga Asyano
B. Direkta nang nakararating ang mga Europeo sa taniman ng pampalasa sa Asya
C. Nabuksan na ang tuwirang ruta ng Portugal patungong Asya
D. Nabuksan na ang tuwirang ruta ng Espanya patungong Asya

6. Nagsimula ang makasaysayang pagbabago sa Asya noong ika-16 na siglo. Ang panghihimasok ng mga kanluranin ang nagdala sa mga Asyano sa dusa't paghihirap. Ano ang naging epekto ng kolonyalismo sa mga rehiyon sa Asya?

A. Naging masidhi ang pagkakaroon ng damdaming nasyonalismo ng mga Asyano upang itayugod ang kaunlaran ng bansa.
B. Naging mapagbigay ang mga Asyano sa mga naisin ng mga dayuhang bansa.
C. Natutunan ng mga Asyano ang manakop ng ibang lupain.
D. Natutunan ng mga Asyano na magtiis alang-alang sa kapayapaan.

7. Bagamat hindi ninais ng mga Asyano na maging kolonya ng mga kanluranin, masasabi natin na may magandang naibunga din ang kolonyalismo at imperyalismo sa Asya na makikita sa kasalukuyan. Alin sa mga sumusunod ang naging epekto ng kolonyalismo sa mga Asyano?

A. Pagkamulat nila sa mga kaugaliang kanluranin
B. Pagkakaroon ng mga kaalyadong bansa
C. Hindi makontrol na paglawak ng kalakalan
D. Paggagalugad at pakikinabang ng mga kanluraning bansa sa likas na yaman ng mga bansang Asyano

8. Sa kasalukuyang panahon, hindi maikakaila na may mabuting epekto ang pananakop ng mga kanluranin. Ano ang maituturing nating magandang naidulot ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga Asyano?

A. Higit nating pinahahalagahan ang maunlad na kalalakan.
B. Natutunan nating mahalin at pahalagahan ang ating bansa.
C. Naging bukas tayo sa pagtanggap ng mga bansang mananakop
D. Natutunan nating manakop ng mga Kanluraning bansa

9. Maraming mga pangyayari ang nagbunsod sa kolonyalismo at imperyalismo sa Asya. Alin sa mga sumusunod ang naging pangunahing dahilan ng pananakop ng mga kanluranin sa mga bansa sa Asya?

A. Rebelyon
B. Pampalasa

C. Merkantilismo
D. Paghahanap ng bagong ruta

10.Sa pamamagitan ng kolonyalismo at imperyalismo, natutunan ng mga Asyano na makipagkalakalan at makipag-ugnayan sa mga kanluraning bansa. Sa iyong palagay, paano makatutulong ang pakikipagkalakalan at magandang pakikipag ugnayan ng Pilipinas sa karatig nitong mga bansa?

A. Dumarami ang dayuhan sa ating bansa
B. Dumarami ang dayuhang mag-aaral
C. Maraming mangangalakal ang magpupunta sa Pilipinas
D. Tataas ang antas ng pag-unlad sa larangan ng ekonomiya

**Gawain 4**

**Panuto:** Bumuo ng **maikling sanaysay** kung paano pinahahalagahan ng mga Pilipino ang pagbabagong dala ng mga Kastila sa pananampalataya ng mga Pilipino.

**RUBRIKS**

| KRITERYA | 5 | 4 | 3 | 2 |
|---|---|---|---|---|
| Kaalaman sa paksa | Higit na nauunawaan ang mga paksa. Ang mga pangunahing kaalaman ay nailahad at naibigay ang kahalagahan, wasto at magkakaugnay ang mga impormasyon sa kabuuan. | Naunawaan ang paksa, ang mga pangunahing kaalaman ay nailahad ngunit di wasto ang ilan, may ilang impormasyon na di maliwanag ang pagkakalahad. | Hindi gaanong naunawaan ang paksa.Hindi lahat ng pangunahing kaalaman ay nailahad, may mga maling impormasyon at di naiugnay ang mga ito sa kabuuang paksa. | Hindi naunawaan ang paksa. Ang mga pangunahing kaalaman ay hindi nailahad at natalakay, walang kaugnayan ang mga pangunahing impormasyon sa kabuuang gawain. |
| Pinagmulan/Pinanggalingan ng datos | Binatay sa iba't ibang saligan ang mga kaalaman tulad ng mga aklat, pahayagan, video clips, interview, radio at iba pa. | Binatay sa iba't ibang saligan ng impormasyon ngunit limitado lamang. | Binatay lamang ang saligan ng impormasyon sa batayang aklat lamang. | Walang batayang pinagkunan, at ang mga impormasyon ay gawa-gawa lamang. |
| Organisasyon | Organisado ang mga paksa at sa kabuuan maayos ang presentasyon ng gawain ang pinagsama-samang ideya ay malinaw na naipahayag at natalakay gamit ang mga makabuluhang graphic organizer | Organisado ang mga paksa sa kabuuan at maayos na presentasyon ngunit di – masydong nagamit nang maayos ang mga graphic organizer | Walang interaksyon at ugnayan sa mga kasapi, walang malinaw na presentasyon ng paksa, may graphic organizer ngunit hindi nagamit sa halip ay nagsilbing palamuti lamang sa pisara. | Di-organisado ang paksa.Malinaw na walang preparasyon ang pangkat. |

*References:*
Kasaysayan ng Asya- Ederlina Dalista- Balena , Lucila Perez- De Guzman
*Araling Aryano Tungo sa Pagkakakilanlan-Romela m. Cruz, Mary Dorothy dl.Jose, Joel B. Mangulabnan, Michael M. Mercado, Jerome A. Ong*

*Image retieved:*
*Pinterest.com*

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ________________________________ Linggo: ______________

Baitang & Pangkat: ___________________________ Asignatura: ____________

| **Para sa Mag-aaral (*Tapusin ang mga pangungusap.)*** | | | |
|---|---|---|---|
| Nahirapan akong unawain at gawin / sagutan ang bahaging… | | | |
| Nadaliaan akong unawain at gawin / sgutan ang bahaging … | | | |
| Kailangan ko pa ng tulong upang lalong maunawaan ang …. | | | |
| **Para sa magulang (*Lagyan ng tsek ang inyong sagot.)*** | | | |
| Nagawa ng aking anak ang mga pagsasanay … | | Ang aking anak ay … | |
| | nang siya lamang mag-isa, walang tumulong | | Nasagutan ang lahat ng mga pagsasanay |
| | na may kaunting tulong sa pagsasabot mula sa iba | | Nasagutan ang ibang pagsasanay at ang iba ay hindi |
| | na marming hinininging tulong sa pagsasagot mula sa iba | | hindi nasagutan ang lahat ng pagsasanay dahil masyadong mahirap |